REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA
TEL.NO. 842-04-22 LOCAL 51

SANGGUNIANG BAYAN

KAPASIYAHAN BILANG 94-134

KAPASIYAHAN NA PINAGTITIBAY ANG KASUNDUAN SA PAGITAN NG PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA AT NG FRONTRUNNER CONTRACTOR PARA SA SERBISYO NITO BILANG KONTRATISTA NA HUMAHAKOT NG BASURA SA MUNTINLUPA PUBLIC MARKET SA BARANGAY ALABANG, MUNTINLUPA, KALAKHANG MAYNILA AT ANG PAGLALAAN NG HALAGANG ISANG DAAN WALUMPU'T ISANG LIBONG PISO (P181,000.00) KADA BUWAN BILANG KABAYARAN SA SERBISYO NITO.

**************************************************************

Ipinanukala nina: Kgg. Melchor R. Teves
Kgg. Rey E. Bulay
Kgg. Ernesto A. Carubio
Kgg. Reynaldo A. Abas, Jr.

**************************************************************

SAPAGKAT, ang Metropolitan Manila Authority (MMA) at ang Pamahalaang Bayan ng Muntinlupa ay pumasok sa isang kasunduan (Memorandum of Agreement) epektibo noong Agosto 1, 1992 Alinsunod sa Metro Manila Council Resolution No. 1, Series of 1992 at ipinatupad noong Enero 13, 1992 na inaatas ang pagkolekta ng basura at pagtatapon nito ay pansamantalang ilo-lokalidad sa lahat ng mga pamahalaang lokal at Kalakhang Maynila;

SAPAGKAT, sa ilalim ng nabanggit na kasunduan, ang mga pamahalaang lokal ay pinapayagan sa operational control at supervision para sa gawaing Solid Waste Management sa loob ng kanilang teritoryong hurisdiksiyon upang masiguro ang patuloy na pagkolekta ng basura at serbisyong pagtatapon ng mga ito sa panahon ng paglilipat o transition period;

SAPAGKAT, alinsunod pa rin sa kasunduan, ang Pamahalaang Bayan ay kinakailangan na pumasok sa isang kasunduan sa mga lokal na kontratista sa hangaring pagkakaroon ng lokal na sistemang pagkolekta at pagtatapon ng basura;

SAPAGKAT, upang mapanatili at mamintina ng kapaligiran, ang pagkolekta at pagtatapon ng basura ay kinakailangang magpatuloy upang mapangalagaan ang kalusugan ng mamamayan at mapanatili ang kalinisan at sanitasyon sa komunidad;

SAPAGKAT, ang Prequalification, Bids and Awards Committee sa kanilang resolusyon na may petsa Marso 4, 1994 ay inirerekomenda ang pagkakaloob ng kontrata para sa pagkolekta at pagtatapon ng basura ng New Muntinlupa Public Market sa Frontrunner Contractor simula sa Abril 1, 1994 hanggang Setyembre 30, 1994;

NGAYON, DAHIL DITO, ang Sangguniang Bayan ng Muntinlupa ay isinasabatas ang laang-gugulin Kautusang Bayan na:

LAANG-GUGULIN KAUTUSANG BAYAN BILANG 94-06
(Appropriation Ordinacne No. 94-06)

ISINASABATAS NG SANGGUNIANG BAYAN NG MUNTINLUPA NA:

TALATA I - Ang paglalaan ng laang-gugulin na halagang P181,000.00 kada buwan bilang kabayaran sa serbisyo ng Frontrunner Contractor bilang kontratista na tagahakot at tagatapon ng basura ng Muntinlupa Public Market;

TALATA II - Ang pagpapanatili ng serbisyo ng Frontrunner Contractor alinsunod sa nilagdaang kasunduan ay sa loob ng anim (6) na buwan. Ang pagkakaroon ng panibagong kasunduan sa mga susunod na buwan ay muling dadaan sa pagpapatibay ng Sangguniang Bayan;

TALATA III - Ang kasunduan sa Frontrunner Contractor bilang kontratista na tagahakot at tagatapon ng basura sa Muntinlupa Public Market ay magkakabisa simula Abril 1, 1994 at matatapos sa Setyembre 30, 1994 at ang pagkakaroon ng panibagong kasunduan batay sa itinatakda ng Talata II ng Kapasiyahang ito kung kinakailangan;

TALATA IV - Ang Kapasiyahang ito ay magkakabisa kaagad matapos mapagtibay ng Sangguniang Bayan.

PINAGTIBAY NG SANGGUNIANG BAYAN NG MUNTINLUPA sa kanilang tanging pulong na ginanap ngayong ika-07 ng Abril, 1994 sa Muntinlupa, Kalakhang Maynila.

PINATOTOHANAN:

KGG. DANTE S. ALMARIO
Pansamantalang Pang. Punongbayan/Pangulong Opisyal

KGG. MELCHOR R. TEVES
Konsehal

KGG. REY E. BULAY
Konsehal

KGG. ERNESTO A. CARUBIO
Konsehal

KGG. REYNALDO A. ABAS,JR.
Konsehal

KGG. VICENTE Y. CHUA
Kinatawan ng Sektor
Pangulo
Samahan ng mga Punong-Bgy.

KGG. MIGUEL LUIS F. RIOS,JR.
Kinatawan ng Sektor
Pangulo
Pederasyon ng Sang. Kabataan

KGG. ROGER JOHN SMITH
Konsehal

KGG. RESTITUTO SANTOS
Konsehal

KGG. BALDOMERO NIEFES
Konsehal

KGG. ROMY TAN
Konsehal

KGG. SIMEON BUMANGLAG
Konsehal

KGG. PRAXEDES BIGATA
Konsehal

KGG. FE ISABEL D. SERVIDA
Konsehal

KGG. FRANCISCO UMALI
Konsehal

REPUBLIKA NG PILIPINAS

**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**

KALAKHANG MAYNILA

TEL. NO. 842-04-22 LOCAL 51

SANGGUNIANG BAYAN



PINATUTUNAYAN:

PETER B. SALONGA
Pambayang Kalihim

PINAGTIBAY:

KGG. ARTURO S. BUNYI
Pansamantalang Punongbayan